

SO WHAT

What is the relevance of the Word to my life?

- Saan ka nagtatrabaho o nag-aaral? Anong komunidad ang iyong kinabibilangan? Papaano ka mabibigyan ng kakayahan ng Diyos upang dalhin ang iglesia sa mga kakilala mo?
- Anong mga paghihirap o paghamon ang iyong kinakaharap sa kasalukuyan? Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa mga ito?
- Papaano nakikita ang tagumpay ng Diyos sa iyong buhay? Anong bahagi ng iyong pamumuhay ang kailangan ng tulong upang ikaw ay maging matagumpay?

NOW WHAT

How do I apply the Word to my life?

- Anong papel ang sa palagay mo na maaari mong gampanan sa panawagan ng Diyos sa pagtatag ng iglesia sa ngayon?
- Sino ang maaari mong ipanalangin ngayong linggo? Papaano mo iuudyok ang iba sa pamamagitan ng pangako ng Diyos na ang Kanyang iglesia ay sumusulong?
- Anong bahagi ng iyong buhay ang nangangailangan ng katagumpayan? Papaano mo hahayaan ang Diyos na tulongan ka na mapagtagumpayan ang mga ito?

PRAYER


- Ipanalangin ang kaharian ng Diyos na mangibabaw sa inyong tahanan, pinagtatrabahuhan, at komunidad.
- Hilingin sa Diyos ang Kanyang biyaya at kalakasan para sa mga ilan na pinagmamalupitan, nagdurusa, at dumaraan sa mga pansariling pagsubok.
- Ipahayag na ang pagpapala ay mapunta sa iyong mga pastor, tagapamuno, at mga kaibigan sa iglesia.



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph



FILIPINO

NOTES

CONNECT

- Ano para sa iyo ang pinakamagandang gusaling iyong napasyalan? Saan ito matatagpuan at para saan ito?
- Naranasan mo na ba ang maging bahagi ng proyekto ng ginagawang gusali? Isalaysay ng maikli kung ano ang iyong karanasan at ano ang iyong naging bahagi.
- Ano ang paborito mong pangkat ng manlalaro o sino ang atleta na iyong sinusubaybayan? Bakit?

WORD

“At ngayon sinasabi ko sa iyo na ikaw si Pedro, at sa batong ito, itatayo ko ang aking iglesia, at hindi ito malulupig kahit ng kapangyarihan ng kamatayan.”

Mateo 16:18

WHAT

What does the Bible say?

Sa salitang “iglesiya,” madalas naiisip agad natin patungkol sa isang gusali o lugar ng tagpuan. Gayunman, nilinaw ni Jesus na ang kaharian ng Diyos ay nananahan sa puso ng mga tao (Lucas 17:20,21). Ang iglesia, kung magkaganon, ay isang samahan ng mga kalalakihan at kababaihan sa karaniwang pagkakabuklod (komunidad) na sabay-sabay sa pagsasaliksik sa Diyos, sa Kanyang kalooban, at sa Kanyang kaparaanan. Narito ang ilang katotohanan na kailangan nating isaisip patungkol sa pamilya na kung saan tayo ay bahagi—ang iglesia ng Diyos.

- **Si Jesus ang nagtatag ng Kanyang iglesia.**

“At ngayon sinasabi ko sa iyo na ikaw si Pedro, at sa batong ito, itatayo ko ang aking iglesia . . .”

Mateo 16:18

Mahalagang malaman na ang Diyos ang nagtatag ng iglesia at ito ay ginagawa Niya sa pamamagitan ng mga tao—marahil hindi man lubos at patuloy pa sa pag-unlad, ngunit ang Diyos ang nagbibigay ng kapangyarihan sa kanila upang gawin ang mga bagay ng kaharian (1 Corinto 3:5-9). Dahil dito, walang sinuman ang maaaring umangkin ng anumang yabang sa tagumpay o kasaganahan ng iglesia. Lahat ng luwalhati ay sa Diyos at sa Kanya ang pamamahala. Papaano tayo matutulungan ng ganitong katotohanan sa pagtugon ng tama kapag mayroon tayong kinakaharap na isang pagkakamaling dulot ng iba sa iglesia?

- **Ang iglesia ni Jesus ay sumusulong.**

“ . . . itatayo ko ang aking iglesia, at hindi ito malulupig kahit ng kapangyarihan ng kamatayan.”

Mateo 16:18

Si Satanas at pati ang mga kampon ng kadiliman ay matagal ng naririto at nilupig nila ang mahalagang nilalang ng Diyos, ang sangkatauhan, sa pamamagitan ng kasalanan. Ganun pa man ang magandang balita ay, ang Diyos ay mas higit pa sa ating mga kaaway at itinatag ang isang sumusulong na iglesia sa pamamagitan ni Jesus. Papaano sumusulong ang iglesia sa ngayon (Marcos 1:15; Mateo 12:28)? Sa kaninong kapangyarihan kumikilos ang iglesia?

- **Ang iglesia ni Jesus ay matagumpay laban sa kadiliman.**

“ . . . at hindi ito malulupig kahit ng kapangyarihan ng kamatayan.”

Mateo 16:18

Ang bersikulo na ito ay pangako at katiyakan mula sa Diyos. Ito din ang katunayan kung ano ang iglesia ni Jesus. Kapag ang sumusunod kay Jesus ay naunawaan ito ng lubos, sila ay makakapamuhay nang may tagumpay at kabanalang pagtitiwala, at hindi talunan na gaya ng iba. Sa Isaias 54:16,17 nabanggit ang isa sa mga pangako ng Diyos sa iglesia. Ano pa ang ibang mga pangako na nasa Bibliya na nagdudulot sa atin ng tiwala na tayo ay magtatagumpay bilang iglesia ng Diyos?
